LUNGSOD NG CALAMBA LAGUNA 1742 2001

# CALAMBALITA

Vol. 1 No. 003, Weekly Edition	Nobyembre 13, 2017 Bilang 3

## LIST OF SGLC AWARDEES, CY 2017

| CITY GOVERNMENT AWARDEES | | |
|---|---|---|
| Region IV-A | 25 | Antipolo City |
| | 28 | Calamba City |
| | 29 | City of Bacoor |

## CALAMBA, ITINANGHAL BILANG 2017 SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE AWARDEE

Itinanghal bilang 2017 Recipient ng DILG Seal of Good Local Governance (SGLG) sa City Category ang Lungsod ng Calamba, ito ang masayang ibinalita ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa kanyang mensahe sa pag-iilaw ng Christmas Tree sa Baywalk, PALISAM (Palingon-Lingga-Sampiruhan). "Ang SGLG po ay isang prestihiyosong award na ibinibigay ng DILG sa mga local government units na nakapasa sa mga masusing requirements sa iba't-ibang sector. Ibig lamang pong sabihin, sa pagtanggap natin ng award na ito, nasa tama po at maganda ang lahat ng programa at pamamalakad na ginagawa natin sa atin pong lungsod," ipinagmalaki ng butihing mayor.

Tinaguriang "Mother of all Local Government Awards" ang Seal of Good Local Governance na ipagkakaloob ng Department of the Interior and Local Government (DILG) sa Calamba ngayong 24 Nobyembre ay bunga ng dalawang (2) mahaba at masusing validation, interview at aktuwal na pagbisita sa Calamba na ginaganap nitong Mayo (regional validation) at Agosto (national validation).



Tinasa ang lungsod sa apat (4) na core areas at tatlong (3) essential areas. Sakop ng core areas ang mga sumusunod:

1. Financial Administration kung saan tinitingnan ang pinansyal na kalalagayan ng lungsod;
2. Disaster Preparedness na tumitingin sa kahandaan ng Calamba sa pagresponde sa sakuna at kalamidad;
3. Social Protection na nakasentro sa serbisyong pangkalusugan, pabahay, at pang-edukasyon;
4. Peace and Order na tumatalakay naman sa serbisyong pangseguridad at mga programang laban sa droga.

Sakop naman ng 3 essential areas ang pagiging Business-Friendly at Competitive ng lungsod, pangangalaga sa kalikasan o Environmental Management at Tourism, Culture and Arts.

"Job well done" ang papuri ni Mayor Timmy Chipeco sa Sangguniang Panlungsod sa pamumuno ni Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal, sa mga department heads sa pamumuno naman ni City Administrator Allan D. Zacarias at sa lahat ng bumubuo ng city government dahil aniya hindi makakamit ng lungsod ang pagkilalang ito kung hindi sa pagtutulungan at tapat na serbisyo publikong ipinagkakaloob ng lahat ng empleyado ng lungsod. *(Noemi Talatala)*

### NILALAMAN :

2017 Seal of Good Local Governance Awardee 1
Calamba City Officials 2
Editoryal: Highly Urbanized City vs Component City 2
24 Medalya inuwi ng Calamba sa Batang Pinoy 3
Senior High School Immersion 3
Christmas Lighting
- Brgy. Pansol 4
- Brgy. Makiling 4
- Brgy. Canlubang 5
- CUBA 5
- Mercado de Calamba 6
- PALISAM 6

Passport Requirements 7



## CITY OF CALAMBA OFFICIALS



**HON. JUSTIN MARC SB. CHIPECO**
City Mayor



**HON. ROSELLER H. RIZAL**
City Vice Mayor

## SANGGUNIANG PANLUNGSOD



**HON. EDGARDO H. CATINDIG**
City Councilor



**HON. MOISES E. MORALES**
City Councilor



**HON. SATURNINO J. LAJARA**
City Councilor



**HON. MARIA VIRGINIA A. ALCASID**
City Councilor



**HON. CHARISSE ANNE C. HERNANDEZ**
City Councilor



**HON. PEEWEE P. PEREZ**
City Councilor



**HON. ANGELITO S. LAZARO**
City Councilor



**HON. DYAN DV. ESPIRIDION**
City Councilor



**HON. JUAN C. LAZARO**
City Councilor



**HON. SANTIAGO O. ATIENZA**
City Councilor



**HON. EDISON M. NATIVIDAD**
City Councilor

## EDITORYAL

# HIGHLY URBANIZED CITY VS COMPONENT CITY: Ano nga bang pagkakaiba?

Sa pag-iilaw ng giant Christmas Tree sa Canlubang nitong nakaraang lingo, naibalita ni Kgg. Joaquin M. Chipeco, Jr., Kinatawan ng ika-2 Distrito ng Laguna na nakapasa na sa Mababang Kapulungan o Kongreso ang inihain niyang panukalang batas upang maging isang highly urbanized city (HUC) na ang Lungsod ng Calamba na ngayon ay isa pa lamang component city. Aniya, hinihintay na lamang ang magiging aksyon ng Senado ukol dito dahil na rin sa maugong na usap-usapan ng isinusulong ni Pangulong Rodrigo "Digong" Duterte na pederalismo o federalism at kung paanong makakaapekto ito sa mga political and geographical jurisdictions ng ating bansa. Kapag nangyari ito, dagdag pa ni Congressman Jun Chipeco, magiging lone congressional district na ang Lungsod ng Calamba at magkakaroon na ng sariling congressman.

Ano nga ba ang kaibahan ng component city sa highly urbanized city at ano ang posibleng maging benepisyo nito sa ating mga Calambeño?

Ayon sa Section 449 ng Republic Act 7160 o Local Government Code of 1991, maaari lamang maging ganap na lungsod ang isang lugar sa pamamagitan ng pagpapasa ng Kongreso ng isang batas para dito. Tulad noong Marso 2001, naisabatas ang Republic Act 9024 kung saan ginawang ganap na component city ang noo'y Bayan ng Calamba. Nasasaad din sa Section 449 na dapat magsagawa ng isang plebisito ang COMELEC sa mga lugar na maaapektuhan upang malaman ang pulso ng mamamayan. Kaya't noong 21 Abril 2001, ginanap ang isang makasaysayang plebisito sa Bayan ng Calamba na naging daan upang maging ganap na itong lungsod. Kaya naman ipinagdiriwang natin ngayon ang 21 Abril kada taon bilang ating Cityhood Anniversary. Sa kaso naman ng mga HUC, ang Presidente ng Pilipinas ang may karapatan upang ideklara ang isang lugar bilang HUC.

Sa Section 450 naman nakasaad ang mga requirements na nagtatakda kung puede na ngang maging ganap na component city ang isang munisipyo—kabuoang kita na Php 20 Million sa loob ng dalawang (2) magkasunod na taon at isa sa dalawang ito—una, kabuoang nasasakupan na hindi liliit sa 100 square kilometers o pangalawa, populasyon na 150,000 residente pataas. Upang ang isang component city naman ay maging ganap na HUC, dapat ang populasyon ay umabot sa 200,000 at ang kabuoang kita naman ay hindi liliit sa Php 50 Million. Sa ngayon, lampas pa sa mga naturang kwalipikasyon ang Lungsod ng Calamba dahil ang kabuong kita ng lungsod ay umabot na sa Php 2.7 Billion noong 2015 at Php 2.8 Billion noong 2016 habang ang populasyon nito noong 2015 ay umabot na sa 454,486, ayon naman ito sa Philippine Statistical Authority (PSA). Patunay lamang ito na talagang kwalipikado na ang Lungsod ng Calamba na maging isang HUC.

Pero ano naman ang implikasyon at benepisyo nito sa atin bilang mamamayan?

Bilang isang component city, sakop pa rin tayo ng pamumuno ng Lalawigan ng Laguna—bumoto pa rin tayo ng gobernador, bise-gobernador at tatlong (3) bokal o Board Member dahil tayo ay bahagi ng ikalawang distrito ng Laguna kasama ng Cabuyao, Los Baños at Bay. Maaari ding tumakbo sa mga naturang posisyon ang mga kapwa natin Calambeño. Ngunit kapag tayo ay naging ganap nang HUC, hindi na tayo maghahalal o maihahalal man sa mga naturang posisyon pero magkakaroon naman tayo ng sarili nating congressman dahil na rin sa pagiging lone congressional district natin. Ibig lamang sabihin, mas makakatutok sa mga pangangailangan ng Calamba ang ating sariling congressman at mas maraming mga serbisyo ang kanyang maihahatid sa ating mga Calambeño. Tulad Taguig, Pasay, Davao at Quezon City na kapwa mga HUC din, mas aangat ang antas ng pamumuhay ng ating mga kababayan sa pamamagitan ng pagtaas ng minimum wage rate at pagpasok pa ng mas maraming mamumuhunan.

Kay sarap isipin na ang ating nararanasang pag-unlad sa ngayon ay magpapatuloy at mas magiging mabilis pa dahil sa maganda at maayos na pamumuno nina Congressman Jun Chipeco, Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod. Patunay lamang ito na karapat-dapat ang Lungsod ng Calamba sa taguring Premier City of Growth, Leisure and National Pride na dapat ipagmalaki ng bawat Calambeño! *(Noemi Talatala)*

# 24 NA MEDALYA INIUWI NG CALAMBA DELEGATION SA BATANG PINOY

Dalawampu't apat (24) na medalya mula sa iba't ibang category at sports discipline ang iniuwi ng mga batang bumuo sa delegasyon ng Calamba City sa Luzon Qualifying Leg ng Batang Pinoy 2017 na ginanap noong 22 hanggang 28 Oktubre sa Vigan, Ilocos Sur. Pinapurihan ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco ang mga nagwagi nang sila ay mag-courtesy call sa ating Punong Lungsod. Sinabi ng mayor na ipinagmamalaki niya, sampu ng buong lungsod ang mga batang nagpakita ng natatanging galing sa kani-kanilang mga sport at sinabi na tunay nilang naipakita ang kahusayan ng mga taga-Calamba.

Animnapu't pitong (67) mga bata edad 17 pababa ang bumuo sa delegasyong mula sa iba't-ibang paaralan sa Calamba na nakipagtagisan ng galing sa mga larangan ng volleyball, athletics, chess, swimming at archery. Isang (1) gold, dalawang (2) silver at 21 bronze medals ang naging hakot ng mga batang atletang Calambeño na masaya nilang ipinakita kay Mayor Timmy Chipeco.

Sa muling paglaban ng mga nagkamit ng medalya sa Batang Pinoy National Championship sa darating na Pebrero 2018, ipinangako ni Mayor Timmy ang patuloy na suporta ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba. *(Noemi Talatala)*




Narito ang buong listahan ng mga nanalo sa Batang Pinoy 2017 Luzon Qualifying Leg:

| | | |
|---|---|---|
| GOLD | Erica Marie Ruto | Athletics, 400m Dash |
| SILVER | Raiza Mae Locmayoan | Chess |
| | Jose Emmanuel Austria | Swimming, 200m |
| BRONZE | Erica Marie Ruto | Athletics, 100m Dash |
| | ABCD Agamanos | Athletics, 4x100m Relay |
| | Kim Leslie Tarzona | Athletics, 4x100m Relay |
| | Roseth Anne Olivay | Athletics, 4x100m Relay |
| | Erica Marie Ruto | Athletics, 4x100m Relay |
| | ABCD Agamanos | Athletics, 4x400m Relay |
| | Kim Leslie Tarzona | Athletics, 4x400m Relay |
| | Roseth Anne Olivay | Athletics, 4x400m Relay |
| | Erica Marie Ruto | Athletics, 4x400m Relay |
| | Wendy Belizario | Volleyball Girls |
| | Krizel Joy Bunuan | Volleyball Girls |
| | Mary Grace Borromeo | Volleyball Girls |
| | Ayesha Mae Dena | Volleyball Girls |
| | Abbygail Eusebio | Volleyball Girls |
| | Clarisse Geronimo | Volleyball Girls |
| | Ashanti Queen Hicban | Volleyball Girls |
| | Lovely Ann Mollasgo | Volleyball Girls |
| | Kimberly Palao | Volleyball Girls |
| | Alyssa Jane Procadilla | Volleyball Girls |
| | Danica Tiburcio | Volleyball Girls |
| | Anabella Toledo | Volleyball Girls |

# WORK IMMERSION PROGRAM SA CALAMBA, SISIMULAN NA

Pinangunahan ni Ms. Noemi E. Talatala, IIPESO Department Head ang pagpupulong ng mga Senior High Schoo (SHS) Implementers ng Dep-Ed Calamba sa pangunguna ni Ms. Cristeta Arcos – SHS Coordinator at ng mga Administrative Officers ng lahat ng tanggapan ng City Government of Calamba noong Nobyembre 7, 2017 hinggil sa pagpapatupad ng Work Immersion Program (WIP).

Sa pamamagitan ng SP Resolution No. 244 S. 2017 na naipasa sa pamamagitan ni Vice-Mayor Roseller H. Rizal na siya ring Chairman ng SP Committee on Education ay napagtibay ang WORK IMMERSION PARTNERSHIP ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc SB Chipeco at ng Dep-Ed Calamba sa pamamagitan ni Dr. Rosemarie D. Torres, Schools Division Superintendent .




Ang WORK IMMERSION PROGRAM ay bahagi ng SHS Curriculum na ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon na may layunin na mahubog sa mga mag-aaral ang pagpapahalaga, tamang ugali , kalinangan at kasanayan na makakatulong sa desisyon na linangin ang propesyon o ang kahandaan sa paghahanapbuhay pagkatapos ng pag-aaral.

Ang unang pangkat ng mga mag-aaral ay nakatakdang magsimula sa Nobyembre 14, 2014 na kung saan ang ilang mag-aaral na magmumula sa mga pampublikong paaralan katulad ng Bubuyan Integrated High School, Camp Vicente Lim IHS, Calamba Bayside IHS, Calamba IHS, Makiling IHS at Palo-Alto IHS ay nakatakdang italaga sa iba-t-ibang tanggapan ng Pamahalaang Lungsod. Sila ay ilan sa mga mag-aaral sa ilalim ng General Academic Strand, Information Communication and Technology , Accountancy, Business and Management, at Electrical Installation and Maintenance. Sa panimulang ito, ang Work Immersion Program, kaagapay ang Calamba Employment and Human Resource Development Council, Dep-Ed Calamba at ng mga pribadong establisyemento, ay naipatutupad na sa Lungsod ng Calamba. *(Dessy Encinas)*

# P20M PROJECT MAAGANG PAPASKO NI MAYOR TIMMY SA PANSOL



Isang papasko sa mga taga Pansol ang magandang balita ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco na paglalaan ng P20M para maisaayos ang problema ng pagbaha sa nasabing barangay. "Alam po namin ang hirap at abalang dulot ng pagbaha ng kalsada dito sa Pansol kaya't minabuti po namin na maglaan ng P20M para po maisaayos ang culvert at drainage dito," dagdag pa ng butihing Mayor sa kanyang talumpati noong programa sa pag-iilaw ng Giant Christmas Tree sa Pansol.

Pormal nang inilawan ang giant Christmas tree sa Brgy. Pansol noong 6 Nobyembre. Ito ay programa ng Pamahalaang Panlungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal, Sangguniang Panlungsod, ibat-ibang tanggapan ng lungsod, DepEd, Calamba PNP, Calamba BFP, Sangguniang Barangay at mga NGO sa lungsod.

Sa mensahe naman ni Cong. "Jun" Chipeco Jr., inalala nito ang kauna-unahang pag-ilaw ng Christmas Tree sa Pansol limang taon nang nakalipas. Aniya simula noon ay naging taun-taon na ang gawain at ito umano ang naging hudyat ng isang masaganang kapaskuhan hindi lamang sa Pansol kundi sa buong lungsod..

Nagbigay naman ng mensahe ng pasasalamat si City DepEd Supt. Dr. Rosemarie Torres sa tapat na pamumuno nina Cong. Chipeco, Mayor Chipeco, Vice Mayor Ross Rizal at ng Sangguniang Panlungsod na naging dahilan ng malagong ekonomiya sa lungsod. Anya, damang dama ng Calambeño ang tapat na panunungkulan ng mga namumuno nito.

Nagbigay ng pampasiglang bilang ang mga piling mag-aaral ng Castor Alviar High School at Bucal Elementary School. Agaw- pansin din ang emcee na mahusayna ginaya ang mga boses ni Marc Logan at Mike Enriquez sa kanyang pagsasalita. *(Joel Cabactulan)*

# PAGBUBUKAS NG CALAMBUHAYAN TRADE FAIR TAMPOK SA WALTERMART MAKILING CHRISTMAS TREE LIGHTING

Binuksan ang Calambuhayan Trade Fair ng mag-asawang Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco at Mayora Laverne "Lav" Chipeco kasabay ng Christmas Tree lighting sa Waltermart Makiling noong Lunes, 6 Nobyembre. Priority project ni Mayora Lav ang Calambuhayan Livelihood kung saan sinasanay ang mga miyembro sa paggawa ng iba't-ibang produktong mapagkakakitaan at tinutulungan din na mai "market" at mabenta ito.

Sa mensahe ni MayorTimmy Chipeco, pinasalamatan nito ang pamunuan ng WalterMart Makiling sa taun-taong pakikiisa sa Lungsod ng Calamba sa pagpapailaw ng Giant Christmas Tree. Binati din nito ang lahat ng estudyante mula sa Lecheria National High School na nagbigay ng pampasiglang bilang.

Kakaiba ang Giant Christmas Tree sa WalterMart dahil ang mall mismo ang nagpatayo nito bilang pagsuporta at pakikiisa sa taunang selebrasyon ng Pasko ng Calamba.

Dumalo din sa pagbubukas ng Calambuhayan Trade Fair at pagpapailaw ng Giant Christmas Tree sila Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal, mga miyembro Sangguniang Panlungsod , Sangguniang Barangay ng Makiling , DepEd, iba't-ibang tanggapan at mga NGO ng lungsod. *(Joel Cabactulan)*



# CHRISTMAS LIGHTING SA IMALL CANLUBANG

Sa pag-iilaw ng Christmas tree na ginanap sa Imall Canlubang noong 8 ng Nobyembre masayang ibinalita at ipinagmalaki ni Congressman Joaquin "Jun" Chipeco, Jr. na ang inihain niyang batas upang maging "lone congressional district" na ang lungsod ng Calamba ay naipasa na sa Kongreso at hinihintay na lang ang aksyon ng senado. Aniya, mas lalong bubulusok paitaas ang kaunlarang nararanasan ng lungsod kapag ganap na itong naisabatas.

Inalala naman ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco na tulad noong nakaraang taon ay muling umambon na sa kalagitnaan ng programa, patunay lamang na patuloy na bumubuhos ang biyaya sa Barangay Canlubang. Aniya, ang pagbubukas ng mga Christmas tree ay inaabangan at inaantay ng ating mga mamamayan higit ang mga kabataan dahil sa panahong ito ay nadarama natin na malapit na talaga ang kapaskuhan.

Muli pinasalamatan ni Mayor Timmy ang lahat ng mga kapartner sa mga programang ito, ang iba't-ibang samahan, mga kapitan,at konsehales, mga naglilingkuran sa Pamahalaang Lungsod at mga guro sa pamumuno ni Dr. Rosemarie Torres, School Division Superintendent , Division of Calamba City na todo ang suporta upang higit na maging matagumpay ang pagdiriwang.

Nagbigay kulay at kasiyahan sa programa ang mga mag-aaral ng Kapayapaan Integrated School habang malugod na tinanggap nina G. Erwin Luste, Imall Manager at Igg. Larry O. Dimayuga, Punong Barangay ng Canlubang ang bawat isang nakisaya sa pag-iilaw ng Christmas tree sa Canlubang. *(Marivic Balba)*




# CUBA CHRISTMAS TREE LIGHTING




Inilawan ang Christmas Tree sa CUBA –Calamba Upland Barangay Association noong Nobyembre 8, 2017 na binigyang saya ng Mayapa Elementary School sa kanilang Grand Salvo na sinundan ng Bating Pagtanggap ni Igg. Melquiades H. Samiano, Pangulo, CUBA.

Sa Mensaheng Pamasko ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, pinasalamatan niya ang lahat ng mga dumalo at nakiisa sa pag-iilaw mula kay Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at Sangguniang Panlungsod, mga Department Heads, DepEd Family at mga kawani sa pabibigay ng ligaya at kasiyahan sa mga batang naroon.

Samantala, nagbigay din ng kanyang mensahe si Igg. Joaquin M. Chipeco Jr., Kinatawan, Ikalawang Distrito ng Laguna.

Binanggit nya na kung umangat ang ekonomiya ng US dahil sa kanilang 2million jobs for Americans, sana ay magkaroon din sa ating lungsod ng "Calambeño first sa trabaho". Sa pagtatapos ay kanyang sinabi na ang pagsisindi ng Christmas Tree ay simbolo ng pagkakaisa at pagmamahal sa lungsod na ngayon ay "one of the richest cities in the Philippines" at sa tuluy-tuloy na pagkakaisa ay maging Regional Center of Southern Tagalog. Sa huli ay kanyang binigyang diin "let us forgive and forget" sa mga hindi magagandang pangyayari at pagkakaunawaan. Nagsimula ang pag-iilaw sa CUBA taong 2006.*(Cecil Canillas)*

# HAPPY ANG PASKO SA MERCADO DE CALAMBA









Nagliwanag ang Mercado de Calamba matapos pailawan ang Giant Christmas tree na sumisimbolo sa pagsisimula ng kapaskuhan sa Lungsod ng Calamba. Kaligayahan ang ibinigay nito sa mga Calambeñong nakasaksi sa mahalagang gabi na ito. Pinangunahan ng Calamba City Senior High School ang programa sa pamamagitan ng isang natatanging sayaw na sinundan naman ng isang maikling mensahe at pasasalamat mula kay Brgy. 5 Kapitan Masongsong Sr.

Pagmamahalan ng bawat isa ngayong kapaskuhan ang mahalagang mensahe ni Congressman Joaquin Chipeco Jr., na inalala ang simpleng panimula ng tradisyon ng pasg-iilaw ng mga Christman Tree noong 2014. Sa mensaheng pamasko at pasasalamat naman ni Mayor Justin Marc SB. Chipeco pinasalamatan niya ang Calambeño na patuloy na sumusuporta sa Pamilya Chipeco sa kanilang magandang pamumuno ditto sa Lungsod ng Calamba. Pinasalamatan din ng ating butihing Mayor ang kanyang ama na nagpasimula sa tradisyong ito taon-taon sa tuwing sasapit ang pasko kasama ang lahat ng Department Heads, DepEd Family sa pamumuno ni Dr. Rosemarie D. Torres, City Vice Mayor Roseller Rizal kasama ang Sangguninang Panlungsod. Nagtapos ang progrmang ito sa isang umaatikabong fireworks display. *(Retchie Pelipada)*

# SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE AWARD, INANUNSYO SA PALISAM CHRISTMAS TREE LIGHTING

Masayang ibinalita ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco na itinanghal muli ang Calamba bilang "Seal of Good Local Governance" awardee sa kanyang mensahe sa pag-iilaw ng Giant Christmas Tree sa PaLiSam (Palingon, Lingga at Sampiruhan), Baywalk, Brgy. Lingga. Ayon kay Mayor Timmy,"ito ay patunay lamang na ang ating lungsod ay tuluy-tuloy sa pagsasagawa ng iba't-ibang proyekto at programa para sa mas maunlad na Calamba". Lubos ang kanyang pasasalamat sa lahat ng Konsehal, Department Heads at mga kawani "for a job well done".

Samantala, nagbigay kulay ang Looc Integrated School sa kanilang Grand Salvo na sinundan ng Bating Pagtanggap ni Kapitan Cesar M. Mamino ng Brgy. Lingga.

Nagbalik-tanaw naman si Kgg. Joaquin M. Chipeco Jr., Kinatawan ng Ikalawang Distrito ng Laguna sa pagsasabi na taong 2004 nang kanyang imungkahi na magkaroon ng Christmas Tree sa Lungsod ng Calamba at nagpasalamat na ito ay itinuloy-tuloy hanggang ngayon. Kaya naman ipinangako niya na siya ay dadalo sa ganitong programa hanggang kaya niya.

Masaya din siya na ang Calamba ay nananatiling numero una sa buong rehiyon at ika-siyam sa pinaka



mayaman na lungsod sa buong Pilipinas. Kaya aniya darating ang oras na dito na magpapatayo ng mga condominium ang mga investors na gaya sa Bonifacio Global City at Makati at magiging sentro ng ekonomiya sa buong Southern Tagalog Region.

Sa pagtatapos ni Mayor Timmy kanyang binati ng Merry Christmas ang lahat at sana raw ay maging maligaya ang Pasko ng bawat isa at hangad niya ang pag-ibig at saya ngayong Kapaskuhan. *(Cecil Canillas)*

# REQUIREMENTS FOR PASSPORT APPLICANTS




## FIRST TIME PASSPORT APPLICANTS

• PSA Birth Certificate
• 1 pictured 1D and 2 supporting documents to prove identity if necessary (Please refer to List of Acceptable IDs and Supporting Documents)

***In Case of No Birth Record***

**If born in or after 1950**

• Apply for the delayed registration of birth at the local civil registry
• Submit authenticated Birth Certificate from PSA and supporting public documents

**If born before 1950 and below**

• Certificate of Non-availability of Birth Record from PSA
• Notarized Joint Birth Affidavit of Two Disinterested Persons
• Any public document with correct full name, date and place of birth

***Additional Requjrements***

**For married women:**

• Marriage Contract by PSA

**For Minor Applicants below 18 years old**

• Personal appearance of either parent, PSA Marriage Contract and valid passport of parents (if minor is a legitimate child)
• Personal appearance of mother and proper I D or valid passport of mother (if minor is an illegitimate child)
• Original and photocopy of valid passport of the person traveling with the minor
• Original Birth Certificate (BC) of minor by PSA

***for Muslim applicants (same general requirements stated above)***

**For late registered Muslim applicants:**

• Certificate of Tribal Affiliation from the National Commission on Muslim Filipinos (NCMF)

**For converts who would like to use their Muslim name:**

• Annotated Birth Certificate (BC) in Security Paper (SECPA) issued by PSA bearing the Muslim name
• NCMF Certificate of Conversion

***Additional Requirements:***

**If minor is not traveling with either parent or alone:**

• Personal appearance of either parent (if minor is a legitimate child) I of mother (if minor is an illegitimate child)
• Affidavit of Support and Consent (ASC) • Original and photocopy of DSWD Clearance

**If both parents are abroad:**

• Affidavit of Support and Consent executed by either parent indicating the name of the traveling companion. If minor is illegitimate, mother should execute the ASC.
• Special Power of Attorney with an attached photocopy of either parent's valid passport authorizing a representative in assisting the child to apply for a passport. If minor is illegitimate, mother should execute the SPA
• Original and photocopy of DSWD Clearance. There is no need to secure a DSWD Clearance if the minor traveling abroad has parents who are in the foreign Service or living abroad or are immigrants, provided he I she is holding a valid pass such as a dependent's visa I pass I identification card or permanent resident visa 1 pass 1 identification card which serves as proof that hel she is living with parents abroad
• Proper ID of the duly authorized representative

**If minor is legitimated by subsequent marriage of parents:**

• Authenticated Birth Certificate from PSA with annotation

**If minor is Illegitimate but acknowledged by father:**

• Birth certificate from PSA reflecting surname of father with Affidavit of Acknowledgement and Consent to use surname of father

**Orphaned minor applicant:**

• Authenticated Death Certificates of parents from PSA
• Court order awarding guardianship of the orphaned minor applicant • DSWD Clearance

**Abandoned minor applicant:**

• Court order awarding guardianship of the abandoned minor applicant or substitute parental authority
• DSWD Travel Clearance

## REQUIREMENTS FOR RENEWAL OF PASSPORT

• Duly accomplished application form
• Most recent passport (expiring or expired)
• One (1) pictured ID and two (2) supporting documents to prove identity if necessary

Brown Passport or passports issued prior to 01 May 1995:

• Bring original brown passport and photocopy of passport pages 1,2,3.4 and last page
• Birth Certificate in Security Paper issued by PSA or Certified True Copy of BC issued by the Local Civil Registrar

Green Passport or passports issued after 01 May 1995:

• Bring original green passport and photocopy of the data page and last page of passport

Machine Readable Passport (MRP) issued in the year 2007:

• Bring original passport and photocopy of first and last page of passport
• Birth Certificate (BC) in Security Paper (SECPA) issued by the Philippine Statistics Authority (PSA)

Electronic Passport (E-passport)

• Bring original e-passport and photocopy of page 2 (data page) of passport

## LIST OF ACCEPTABLE IDS (At least 1 of the following):

• Government-issued IDs such as digitized SSS ID, Driver's License, GSIS E-card, PRC ID, IBP ID, UMID, Voter's ID, and Senior Citizen's ID
• Other acceptable picture IDs include old College I D. Alumni ID, or o ld Employment IDs



# CALAMBA CITY HALL TELEPHONE DIRECTORY

## ISANG NUMERO
## 545 - 6789

| | | |
|---|---|---|
| | OPERATOR | 8000 |
| MO | Office of the City Mayor | 8306 |
| ADMIN | City Administrative Office | 8301 |
| VM | Office of the Vice-Mayor | 8311 |
| SP | Office of the Sangguniang Panglungsod | 8314 |
| ABC PRES. | Office of the ABC President | 8316 |
| COUN. CATINDIG | City Councilor | 8322 |
| COUN. MORALES | City Councilor | 8318 |
| COUN. LAJARA | City Councilor | 8319 |
| COUN. ALCASID | City Councilor | 8325 |
| COUN. HERNANDEZ | City Councilor | 8326 |
| COUN. PEREZ | City Councilor | 8321 |
| COUN. A. LAZARO | City Councilor | 8317 |
| COUN. ESPIRIDION | City Councilor | 8324 |
| COUN. J. LAZARO | City Councilor | 8320 |
| COUN. ATIENZA | City Councilor | 8323 |
| ACCTG | City Accounting & Internal Central Office | 8203/8204 |
| AGRICULTURE | City Agricultural Services Office | 8002 |
| ASSESSOR | City Assessor | 8108/8109 |
| BAC | Bids and Awards Committee Office | 8327 |
| BPTFO | Business Permits & Tricycle Franchising Office | 8101/8102 |
| BUDGET | City Budget & Management Office | 8206 |
| BUILDING | Building Regulatory Services Office | 8031 |
| CENRO | City Environment & Natural Resources Office | 8218 |
| CLAI | City Nutritionist Office | 8328 |
| COA | Commission on Audit | 8216 |
| COMELEC | Commission on Election | 8017 |
| COOP | Cooperative & Livelihood Development Office | 8019 |
| CPDO | City Planning & Development Office | 8209/8210 |
| CSSYDO | City Social Services & Youth Development Office | 8120/8226 |
| CTC | City Trial Court | 8010 |
| DILG | Dept. of Interior and Local Government | 8224 |
| E-CENTER | | 8005 |
| ENGINEERING | City Engineering Services Office | 8212/8214 |
| GSO | City General Services Office | 8006/8007 |
| HEALTH | City Health Office | 8016 |
| HOUSING | Housing & Settlement Dept. | 8021 |
| HRMO | City Human Resources Management Office | 8220 |
| IIPESO | Information, Investment Promotions and Employment Office | 8011/8012 |
| LANDBANK | Landbank of the Philippines | 8022 |
| LCR | City Civil Registrar | 8116/8117 |
| LEGAL | City Legal Office | 8222 |
| MOTORPOOL | City Motorpool | 8400 |
| OSCA | Office of the Senior Citizens Association | 8118 |
| PAO | Public Affairs Office | 8333 |
| POPCOM | | 8329 |
| POSO | Public Order and Safety Office | 8025/8026 |
| PROSECUTOR | City Prosecutor Office | 8029 |
| TREASURY | City Treasury and Management Office | 8111/8112 |
| TOURISM | Cultural Affairs, Sports and Tourism Dept. | 8332 |
| VET | City Veterinary Services & Slaughterhouse Management Office | 8004 |


## EDITORIAL BOARD

**MRS. NOEMI E. TALATALA**
*Editor -In- Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Managing Editor*

Staff Writers:
**RETCHIE PELIPADA,**
**MOISES ALCASABAS, ANALIZA CERVANTES,**
**JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
Lay-out Artist

**MONTE OPULENCIA/DENNIS CEPEDA**
Photographer


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/




https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/







